

Mag-apply para sa Tulong ng FEMA bago ang Peb. 13 para sa Pagkalugi na Dulot ng Hurricane Nicole

Release Date: Enero 30, 2023

LAKE MARY, Fla. —Huwag maghintay upang makapag-apply para sa tulong ng pederal na kalamidad. Dalawang linggo ang huling araw ng palugit nito.

Kung ang iyong pangunahing tirahan ay nasa Brevard, Flagler, Lake, Putnam, St. Johns o Volusia na mga county at nagkaroon ka ng pinsala sa ari-arian na dulot ng Hurricane Nicole, isumite ang iyong aplikasyon para sa tulong sa kalamidad sa FEMA hanggang **Lunes, Peb. 13, 2023**.

Sa sandaling mag-apply ka para sa tulong sa kalamidad ng FEMA, maaari kang i-refer sa SBA. Ang SBA ay nag-aalok ng mababang interes na mga pautang para sa kalamidad para sa mga negosyo, may-ari ng bahay at nangungupahan. Walang obligasyon na tumanggap ng pautang, ngunit maaari mong makaligtaan ang pinakamalaking mapagkukunan ng mga pederal na pondo sa pagbangon ng kalamidad kung hindi ka mag-apply.

Maaari kang lumikha at magsumite ng iyong aplikasyon sa FEMA sa anumang mga paraan:

- Tawagan ang Helpline ng FEMA sa **800-621-3362**. Available ang Helpline araw-araw mula **7 a.m. hanggang 11 p.m. ET**. Available ang tulong sa karamihan ng mga wika.
- Pumunta online sa DisasterAssistance.gov at i-click ang asul na icon “Apply Online”.
- I-download ang libreng FEMA [mobile app](#) sa mga smartphones.
- Bumisita sa Disaster Recovery Center (DRC). Maraming DRC ang tumatakbo sa buong mga county na napinsala ni Nicole. Para makahanap ng malapit sa iyo, mag-online sa: [DRC Locator](#) o floridadisaster.org, o i-text ang “DRC” kasama ang iyong ZIP code sa 43362.



FEMA

Page 1 of 2

Kung karapat-dapat, ang tulong sa kalamidad ng FEMA ay maaaring magsama ng tulong pinansyal, tulad ng tulong sa pag-upa o sauliang-bayad (reimbursement) para sa mga gastusin sa hotel, para sa pansamantalang pabahay habang hindi ka makatira sa iyong pangunahing tahanan; mga pondo sa mga may-ari ng bahay upang tumulong sa pagpapaayos o pagpapalit ng napinsala dulot ng kalamidad o pagkawala sa iyong pangunahing tirahan, kabilang ang mga pribadong ruta ng pag-aari, tulad ng mga daanan, kalsada, o tulay; at mga pondo para sa mga gastusin na dulot ng kalamidad at seryosong pangangailangan, tulad ng pagpapaayos o pagpapalit ng personal na ari-arian at sasakyan, mga pondo para sa paglipat at pag-iimbak, medikal, dental, pangangalaga sa bata at iba pang pre-approved na iba't ibang bagay.

Ang pagpapanatili ng iyong kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nakakatulong sa FEMA na iproseso ang iyong aplikasyon. Maaaring kailanganin ng ahensya na tumawag upang mag-iskedyul ng inspeksyon sa bahay o makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyo upang maisulong ang iyong aplikasyon.

Para sa karamihan, maaaring saklawin ng insurance ang pinsala at mga nawala. Hindi iyon katulad ng tulong ng FEMA. Ang aming pagpopondo ay inilaan upang masakop ang mga pangunahing pangangailangan para sa mga walang insurance o kulang sa sapat na insurance upang masakop ang mga pangunahing pangangailangan pagkatapos makaranas ng pinsala at pagkawala mula sa isang kalamidad tulad ng Hurricane Nicole.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Hurricane Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov. I-follow ang [FEMA Region 4 \(@femaregion4\)](https://www.fema.gov/region4) / Twitter at ang [facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema).



FEMA

Page 2 of 2